



## Sa kabuuan:

**2** KEY POLICY RATE%  
**.25**

Nagdesisyon ang BSP na itaas ang *key policy interest rate* ng 25 *basis points* upang maging 2.25%.



Inaasahang lalampas sa *target range* na 2-4% ang *inflation* ngayong 2022 at maaaring tumuntong malapit sa mataas na bahagi ng *target* sa susunod na taon.



May mga bagay na puwedeng mas magpataas ng *inflation* sa 2022 at 2023.



Inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor ang paglampas sa *target* ng 2022 *inflation* at ang pagtuntong nito malapit sa mataas na bahagi ng *target* sa taong 2023, bago ito bumaba sa 2024.



Nananatiling matatag ang ekonomiya ng bansa at manunumbalik sa *pre-pandemic level* sa unang bahagi ng 2022.



Ang napapanahong pagtaas ng *key policy interest rate*, ayon sa pinakahuling *outlook* sa *inflation* at *economic growth*, ay inaasahang magpapabagal sa pagtaas ng presyo ng mga bilihan bunsod ng *second-round effects*<sup>1</sup> at makatutulong sa pag-manage ng *inflation expectations*.


<sup>1</sup> Nagkakaroon ng *second-round effects* kapag ang *inflation pressures* mula sa *supply side*, tulad ng mataas na presyo ng langis, ay tuloy-tuloy hanggang maging basehan ng pagtaas ng presyo ng mga bilihan at sahod na nakaaapekto naman sa *demand* sa bansa.

**Nagdesisyon ang BSP na itaas ang *key policy interest rate* ng 25 *basis points* (bps) upang maging 2.25%.**

**2** KEY POLICY RATE%  
**.25**

Sa nakaraang *monetary policy meeting* noong 19 May 2022, itinaas ng *Monetary Board* ang *key policy interest rate* ng 25 bps upang maging 2.25%, simula 20 May 2022.

## Inaasahang lalampas sa target range na 2-4% ang inflation ngayong 2022 at maaaring lumapit sa upper band ng target sa susunod na taon.



Sa pananaw ng BSP, aabot ng 4.6% ang *average inflation* sa taong 2022 (mas mataas sa nakaraang pagtataya na 3.7%) at 3.9% para sa taong 2023 (mas mataas din sa nakaraang pagtataya na 3.3%).

## May mga bagay na puwedeng mas magpataas ng inflation sa 2022 at 2023.



Ang mataas na presyo ng mga bilihan sa labas ng bansa, limitadong suplay ng karneng baboy, at posibleng pagtaas ng pamasaha sa mga pampublikong transportasyon sa bansa ay maaaring magpataas ng *inflation (upside risks)*. Samantala, ang inaasahang mabagal na pagbangon ng pandaigdigang ekonomiya at panunumbalik ng *quarantine measures* kaugnay ng muling pagtaas ng kaso ng COVID-19 ay maaaring magpapababa ng *demand* at magpapabagal ng *inflation (downside risks)*.

## Inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na ang inflation sa taong 2022 ay lalampas sa target range na 2-4% at lalapit sa upper band ng nasabing target sa taong 2023, bago ito bumaba sa 2024.



Ayon sa *survey* ng BSP noong May 2022, inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor ang mas mataas na *inflation* kaysa sa *target range* ngayong 2022, dahil ang patuloy na *conflict* sa pagitan ng Russia at Ukraine ay maaaring makapagpataas ng pandaigdigang presyo ng langis at pagkain. Inaasahan din ng karamihan sa mga *analysts* na sisimulan ng BSP ang paghihigpit sa mga polisiya nito tulad ng pagtataas ng *key policy interest rate* sa Q2 2022.

## Mananatiling matatag ang ekonomiya ng bansa at manunumbalik sa pre-pandemic level sa unang bahagi ng 2022.



Ngayong 2022, ang ekonomiya ng bansa ay inaasahang lalago ng 7-9% (*government target*). Mas mabilis kaysa inaasahan ang naging paglago ng ekonomiya ng bansa sa 8.3% nitong unang *quarter*. Inaasahang magpapatuloy hanggang Q2 2022 ang nasabing paglago dahil sa patuloy na pagluwag ng *quarantine restrictions*. Bagaman maaaring makaapekto sa patuloy na paglakas ng ekonomiya ng bansa ang posibleng pagbagal ng *pandaigdigang ekonomiya*, inaasahang mananatili itong matatag at lalago ng 6-7% (*government target*) sa 2023.



**Ang napapanahong pagtaas ng key policy interest rate, ayon sa pinakahuling outlook sa inflation at economic growth, ay inaasahang magpapabagal sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin bunsod ng second-round effects at makatutulong sa pag-manage ng inflation expectations.**



Inaasahang magpapabagal ng pagtaas ng pamasahang, sahod, presyo ng pagkain, at iba pa, (bunsod ng *second-round effects*) ang napapanahong desisyon ng BSP na itaas ang *key policy interest rate*. Gayundin, ang desisyong ito ay maaaring makapag-*manage* ng *inflation expectations* sa bansa. Samantala, patuloy na susuportahan ng BSP ang iba pang programa ng pamahalaan, tulad ng pagkakaroon ng sapat na supply ng pagkain sa bansa, upang maibsan ang pagtaas ng presyo ng bilingin dulot ng mga *supply-side factors*.

Ang matatag na ekonomiya at gumagandang kalagayan ng trabaho sa bansa ay ilan sa mga konsiderasyon ng BSP sa pagbawi ng mga ipinatutupad na polisiyang may kaugnayan sa *pandemic*, tulad ng mas mababang *provisional advances* sa *National Government* noong 20 May 2022.

Ang sapat na dami ng salapi, unti-unting pagbuti ng *credit activity*, at matatag na *financial market* sa bansa ay naging basehan ng BSP upang ibalik ang *government securities (GS) purchasing window* sa pagiging *regular liquidity facility* sa ilalim ng *interest rate corridor framework* mula sa pagiging isang *crisis intervention measure*.

Sa hinaharap, ang bilis at tiyempo ng mga karagdagang *monetary policy actions* ay gagabayan ng mga datos, alinsunod sa mga layunin ng BSP na magkaroon ng *price stability* at *financial stability*.

**Itinaas ng BSP ang key policy interest rate sa 2.25% ...**



**Ito ay nangangahulugan na...**

kalaunan ay itataas din ng mga bangko ang kani-kanilang *interest rates* sa pagpapautang na siya namang makapag-papamahal ng presyo ng paghiram para sa mga indibidwal at negosyo. Ito ay maaaring humantong sa mas mababang paggasta, pagbagal ng demand, at magresulta sa mababa at matatag na *inflation*. Sa pamamagitan ng pagtataas ng *key policy interest rate*, mapapabagal ang *inflation* na magresulta sa mas abot-kayang mga produkto at serbisyo para sa lahat.

**Maaaring tingnan ang kabuuan ng 2022 May Monetary Policy Report**  
[https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport\\_Full\\_May2022.aspx](https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport_Full_May2022.aspx)

